Republika ng Pilipinas
# Kagawaran ng Edukasyon
**Sangay ng mga Paaralan ng Benguet**

Marso 23, 2022

DepEd-Benguet Division
MAR 29 2022
RELEASED

Memorandum Pansangay
Blg. 105 s.2022

Sa mga: Pandistritong Tagamasid
Punong-guro / Ulong-guro
Pandistritong Tagapag-ugnay ng Filipino (Elementarya at Sekondarya)

## PAGPAPLANO PARA SA TERTULYAHAN SA BUWAN NG PANITIKAN AT LINANG-KASANAYAN SA BUWAN NG WIKA

1. Sa bisa ng Proklamasyon Blg. 968, s. 2015, ipinagdiriwang tuwing buwan ng Abril ang Buwan ng Panitikang Filipino upang bigyang-pagpapahalaga ang mga akdang pampanitikan ng Pilipinas. Ang pagdiriwang ay sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Wikang Filipino, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, at iba pang ahensiya.

2. Nakasentro ang pagdiriwang ng Buwan ng Panitikang Filipino 2022 sa paksang "Muling Pagtuklas sa Karunungang-bayan". Sa kabila ng sitwasyong pangkalusugan sa kasalukuyan, magkakaroon ng pagdiriwang na may pagtalima sa mga alituntunin ng *COVID-19 Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases.*

3. Kaugnay nito, magkakaroon ng pagpaplano ng mga gawain sa Buwan ng Panitikang Filipino, kasabay rin ang pagpaplano ng mga gawain sa Buwan ng Wika, na lalahukan ng mga **pandistritong tagapag-ugnay ng Filipino** sa darating na **Marso 30, 2022** sa **Mababang Paaralan ng Buyagan, La Trinidad, Benguet**. Layunin ng gawain na:
   a. maibalangkas nang maayos ang mga gawain sa pagdiriwang ng Buwan ng Panitikang Filipino at Buwan ng Wika;
   b. makabuo ng mga komite na siyang mangunguna sa iba't ibang mga gawain ng pagdiriwang; at
   c. makabuo ng mga pamantayan ng mga pakontes sa mga pagdiriwang.

Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telephone Number: (074) 422-6570
Email: benguet@deped.gov.ph
Facebook Page: DepEd Tayo Benguet

4. Para sa paglilinaw, mangyaring magpadala ng mensahe sa cellphone bilang 0968-269-6391 o sa email address na norbert.lartec@deped.gov.ph

5. Para sa agarang diseminasyon at pagtalima.

**GLORIA B. BUYA-AO**
*Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan*

CID/rag/ncl